# フィリピン語
# Filipino (Tagalog)




私は将来パン屋をひらきたいです。
私のパン屋では、お客様の様子を通して社会を見ることができます。世界が安全で、永遠に平和に暮らせるようになってほしいです。

# 1. DLA sa iba`t-ibang wika (Multi-language DLA)

## ① Ang layunin ng DLA

- Ang DLA (Dialogic Language Assessment) ay hindi isang pagsusulit upang bigyan ng puntos at ranggo ang kaalaman sa wikang mayroon ang mga mag-aaral na Culturally and Linguistically Diverse (CLD students).
- Ang tool na ito ay isang paraan upang matukoy kung anong wika ang mayroon ang mga mag-aaral na CLD sa pamamagitan ng dayalogo o pag-uusap. Hindi lamang ang mga bagay na kaya nilang gawin, at pati narin ang mga bagay na magagawa nila sa tulong ng iba.
- Sa pamamagitan ng one-on-one na dayalogo, hinahangad na matukoy nito kung paano nag-aaral ang mag-aaral na CLD, anong uri ng suporta ang makakatulong upang mapadali ang kanilang pag-aaral at kung paano mapapataas ang kanilang interes at motibasyon sa pag-aaral habang sila ay binibigyan ng ibat-ibang uri ng suporta.
- Layunin din nito na magamit ang lahat ng nakalap na impormasyon upang matukoy kung anong gabay at suporta ang kinakailangan sa pag-aaral ng bata.

## ② Ang kahalagahan ng Multi-language DLA

- Upang matukoy nang lubos ang kakayahan ng mag-aaral na CLD, mahalaga din na masukat, hindi lamang ang kakayahan sa wikang Hapon kundi pati na rin ang kakayahan sa katutubong wika o Filipino (Tagalog).
- Nilikha ang DLA base sa Bilingual Education Theory. Kaya naman, maaari itong isagawa sa iba`t-ibang wika pati na rin sa wikang Hapon. Ang buklet na ito ay naglalaman ng DLA Unang Hakbang at DLA Pakikinig at Pagsasalita sa wikang Portuges, Intsik, Filipino, Vietnamese, Espanyol, Ingles, Nepali at Ruso. Kung ang tagapagsagawa ay may kakayahan sa anumang wikang nabanggit, aktibong gamitin ang Multi-language DLA hangga`t kinakailangan.
- Hindi kasama sa buklet na ito ang DLA Pagbasa sa iba`t-ibang wika, dahil ang pagsukat ng kasanayan sa pagbabasa ay nangangailangan ng mga partikular na teksto para sa antas o lebel ng bata sa bawat wika at hindi mga tekstong isinalin mula sa wikang Hapon. Kung nais sukatin ang kasanayan sa pagbabasa ng mga mag-aaral na CLD sa kanilang sariling wika, maaaring ilapat ang pamamaraan ng DLA Pagbasa ngunit kakailanganing maghanda ng angkop na teksto sa antas ng edad at katutubong wika o Filipino (Tagalog) ng mga mag-aaral na CLD. Halimbawa, maaaring gamitin ang mga tekstong pasalaysay (kuwento) o talata ng paglalarawan mula sa mga aklat na nasa katutubong wika ng mga mag-aaral na CLD.
- Para sa kakayahan sa pagsusulat, makabubuting tiyakin ang kakayahan ng bata sa pamamagitan ng pag-oobserba ng kanilang aktibidad sa aralin ng komposisyon ng pangungusap o talata, hanggang sa makaya na nilang sumulat ng sariling tema ng komposisyon, sa halip na isailalim sa pagsusulit ang bata. Para sa mag-aaral na CLD na kayang gumawa o sumulat ng sariling tema ng komposisyon, gamitin ang gabay ng komposisyon sa pahina 186-199 ng Matrix of Language Development and Acquisition for CLD students (KOTOBA no CHIKARA no MONOSASHI) -Kagawaran ng Edukasyon (2025) bilang reperensiya.

## ③ Ang Flow Chart Guide ng Multi-language DLA

**DLA Unang Hakbang (5 minuto)**

Panimulang Pag-uusap → Pagsusuri ng Bokabularyo →

**DLA Pakikinig at Pagsasalita (10~15 minuto)**

＊Pipili ng kard na gagamitin sa proseso.

Basic Task → Maaaring tapusin batay sa antas ng kakayahan ng bata

↓

Dialogue Task

↓

Cognitive Task → Maaaring tapusin batay sa antas ng kakayahan ng bata

↓

**DLA Pagbasa (10~25 minuto)**

＊ Isagawa ito kung nakapaghanda ng teksto sa katutubong wika o Filipino (Tagalog) at kayang magbasa ng mag-aaral na CLD.

Daloy ng proseso ng DLA Pagbasa

- Pagpili ng babasahin o teksto.
- Pagpapairal ng imahinasyon at espekulasyon
- Basahin nang malakas ang itinalagang talata, pagkatapos ay basahin ito hanggang sa dulo (pagbasa nang malakas o tahimik)
- Paghahayag ng pagkakasunod ng pangyayari sa sariling salita at pag-unawa sa nilalaman ng binasa.
- Mga katanungan hinggil sa binasa.

↓

Bibigyang ebaluwasyon at ikukumpara ang estado ng Komprehensibong Kakayahan Sa Sari-saring Wika Bilang Suporta Sa Pag-iisip, Paghatol at Pagpapahayag (Kakayahan sa iba`t-ibang wika)" ng Matrix of Language Development and Acquisition for CLD students (KOTOBA no CHIKARA no MONOSASHI) -Kagawaran ng Edukasyon (2025)

# 2. DLA Unang Hakbang

## ① Layunin

- Ang layunin ng pagsasagawa ng DLA Unang Hakbang sa wikang Filipino (Tagalog) ay ang masukat ang kakayahan ng bata sa pakikipag-usap sa pamamagitan ng Panimulang Pag-uusap at 55 na katanungan sa Pagsusuri ng Bokabularyo, mula sa pangunahing bokabularyo sa wikang Filipino (Tagalog) .
- Layunin rin nito ang matiyak ang kalagayan ng pamumuhay at wika o lengguwahe ng bata.
- Dagdag pa rito, layunin rin nito ang makabuo ng pagtitiwala sa pagitan ng bata at taong tagapagsagawa ng DLA at makalikha ng situwasyon na kung saan ang bata ay magkakaroon rin ng positibong pananaw sa pagsasagawa nito.

## ② Para kanino ito?

- Ito ay para sa mga batang lumaki sa isang multilinggwal na kapaligiran na may kakayahang sumagot ng basic o mahusay sa wikang Filipino (Tagalog).
- Isinasagawa rin ito kung kinakailangang matiyak kung ano ang dominanteng wika na mayroon ang mag-aaral.

03

## ③ Komposisyon

- Ito ay binubuo ng mga pagbati at katanungan patungkol sa bata sa Panimulang Pag-uusap at Pagsusuri ng Bokabularyo na mayroong 55 na katanungan, na binubuo ng Pangngalan, Pandiwa at Pang-uri.
- Ang Pangngalan (Noun) sa Pagsusuri ng Bokabularyo ay binubuo ng mga katanungan hinggil sa bahagi ng katawan o pagkain, hayop at halaman, bagay na matatagpuan sa paaralan, bokabularyong naririnig at ginagamit sa pang-araw-araw na pamumuhay. “Mata at pilikmata, bibig at labi” na kumbinasyon ng mataas at mababang antas ng bokabularyo, ipinapakita rin ang “baka, sungay, puno, dahon” na bokabularyong kumakatawan sa isang kabuuan at isang bahagi. Ginagamit rin ang Pandiwa at Pang-uri na karaniwang maririnig sa pang-araw-araw na buhay-eskuwela at pamumuhay.

## ④ Paraan ng pagsasagawa

### Paunang paghahanda

- Gupitin ang mga larawan ng DLA Unang Hakbang mula sa Appendix 1 (pahina 236-242) at gawing kard, gamit ang ring binder ipunin ito sa magkakasunod na numero, o ilagay sa tablet ang data at ipakita ito nang paisa-isa sa oras ng pagsasagawa nito.
- Mag-ensayo ng tamang bilis at tiyempo ng pagpapakita ng Vocabulary Cards. Panoorin ang DLA model demo, tiyakin mula rito ang tiyempo at kilos ng tagapagsagawa ng DLA.
- Ihanda ang Gabay sa Pagsasagawa, DLA Unang Hakbang- Pagtiyak sa Bokabularyo Vocabulary Cards na inihanda at ipapakita nang isa-isa (pahina 117-118), mga kagamitang pang-rekord o pang-bidyo at papel na susulatan para sa sariling talaan.

**Ang posisyon ng pag-upo**

- Umupo sa gilid ng mesa nang hindi direktang nakaharap sa bata upang mabigyan ng sapat na espasyo ang bata at ang mga kard, ito ay makakabawas sa tensiyon na maaaring mabuo sa loob ng silid.

**Ang pagsasagawa ng Dayalogo o Pag-uusap**

- Tiyakin ang gamit na pang-rekord ng boses o bidyo, umpisahan ang pag-rekord at isunod na umpisahan ang dayalogo.
- Sundin ang Gabay sa Pagsasagawa DLA Unang Hakbang (pahina 117-118), magkasunod na isagawa ang Panimulang Pag-uusap at Pagsusuri ng Bokabularyo.
- Kung kulang ang kakayahan sa wika ng bata upang maisagawa ang DLA Unang Hakbang, at mapagdesisyunan ng tagapagsagawa na mahirap na itong ipagpatuloy pa, kaagad itigil ang proseso kahit pa sa kalagitnaan ng Panimulang Pag-uusap o Pagsusuri ng Bokabularyo.

## ⑤ Mga dapat tandaan sa pagsasagawa ng DLA

**Bigyang-halaga ang daloy ng proseso**

- Humigit-kumulang 5 minuto ang oras na magagamit sa DLA Unang Hakbang. Bagamat kinakailangan na iakma ng tagapagsagawa ang kanyang pagsasalita ayon sa lebel ng bata, hangga't maaari ay isulong ang dayalogo sa natural na bilis ng tiyempo.
- Sa durasyon ng proseso, iwasang pigilan, itanggi o itama ang naging sagot ng bata.
- Kung ang bata ay pamilyar o palagian nang nakakasalamuha, maaari nang hindi gawin ang Paunang Pagbati at Pagpapakilala ng sarili.
- Sa durasyon ng proseso, kung hindi naunawaan ng bata ang katanungan ay ulitin ito sa mabagal na pagsasalita. Kung hindi pa rin nauunawaan, palitan ng mga salitang mas maigsi at madaling maintindihan. Subalit, iwasan ang magpaliwanag hinggil sa katanungan. Huwag ihinto ang daloy ng proseso at ipagpatuloy sa susunod na hakbang.
- Sa Pagsusuri ng Bokabularyo kung nahihirapan o nagkamali ang bata sa pagsagot, huwag itama o ituro ang sagot at ipagpatuloy sa kasunod na kard. Kung nais ng bata na malaman ang tamang sagot, maari itong ituro.
- Kung nag-iisip o hindi kaagad nakakasagot ang bata, huwag itong madaliin at maghintay lamang.

**Paglikha ng kaaya-ayang kapaligiran**

- Kahit na ang batang bihasa na sa pagsasalita ay maaaring makaramdam ng kaba o magpakita ng pagtanggi sa “one-on-one” na pakikipag-usap sa isang nakatatanda. Sikaping makabuo ng isang magaan na kapaligiran. Iwasang isipin na ito ay test, bagkus ay ituring itong isang pagkakataon na masiyahan sa pakikipag-usap ang bata.
- Magbigay ng reaksyon sa mga sagot ng bata sa pamamagitan ng pagtango o pagsang-ayon.
- Ang DLA Unang Hakbang ay nagsisilbing napakahalagang "warm up" na aktibidad ng tagapagsagawa ng DLA. Sikaping mahikayat ang bata na magsalita at mahalagang isaisip ng tagapagsagawa ng DLA ang kanyang papel bilang isang facilitator at hindi bilang guro.

**Huwag mag-tsek o magbigay ng ebaluwasyon habang isinasagawa ang dayalogo**

- Huwag mag-tsek o magbigay ng ebaluwasyon sa harapan ng bata. Magbigay ng ebaluwasyon o mag-tsek lamang pagkatapos ng proseso. Dagdag pa rito, magkakasunod na isasagawa ang DLA Unang Hakbang, DLA Pakikinig at Pagsasalita at DLA Pagbabasa.
- Para sa wastong pagbibigay ng ebaluwasyon, mag-rekord o mag-bidyo bilang talaan.

**Tapusin nang binibigyang papuri ang bata**

- Kahit na ano pa ang antas ng kakayahan ng bata, bigyan ng positibong puna o feedback ang bata sa ginawang "pagsasalita" sa wikang Filipino (Tagalog).

## ⑥ Pahiwatig (hint) sa kasunod na hakbang

- Kung ang Panimulang Pag-uusap at Pagsusuri ng Bokabularyo ay napagdesisyunang mahigit 70%~80% ang resulta, maaaring ipagpatuloy ang proseso. Kung ang resulta naman ay mas mababa sa 20%~30%, maaaring ihinto at tapusin ang proseso. Kung nasa pagitan ito at nahihirapan sa pagdedesisyon subukang ipagpatuloy pa bago magpasya.
- Katulad ng binanggit sa (4) ng kabanatang ito, depende sa antas ng kakayahan ng bata sa wikang Filipino (Tagalog) ay maaaring itigil sa kalagitnaan ang proseso.

## ⑦ Kailan dapat at paano gagawin ang ebaluwasyon

- Ang pagbibigay ng ebaluwasyon ng DLA Unang Hakbang, kasunod ang DLA Pakikinig at Pagsasalita ay isasagawa pagkatapos ng proseso.
- Balikan ang nai-rekord na boses o bidyo at gamitin ang DLA Unang Hakbang Evaluation Memo (pahina 119) upang itala ang bilang ng nakuhang wastong sagot.
- Sa ebaluwasyon ng Pagsusuri ng Bokabularyo ay gamitin bilang reperensiya ang listahan (pahina 121) ng mga tamang sagot.
- Mula sa komprehensibo at sari-saring pananaw, susuriin ang komprehensibong kakayahan sa Pag-iisip, Paghatol at Pagpapahayag (Kakayahan sa iba't-ibang wika) batay sa Matrix of Language Development and Acquisition for CLD Students (KOTOBA no CHIKARA no MONOSASHI).

# Gabay ng Pagsasagawa

## Panimulang Pag-uusap

**❶ Pagbati sa unang pagkikita**

Magandang araw. Ako si (Ipakilala ang sarili).

**❷ Paliwanag: Upang madagdagan ang interes ng bata ay masayang ipaliwanag ang gagawin.**

Ngayon, nais kong malaman kung gaano ka kahusay sa Filipino (Tagalog).
Sagutin mo ang lahat ng kaya mong sagutin. Sabihin lang na "Hindi ko alam." kung hindi mo alam ang isasagot. OK ba sa iyo?

**❸ Katanungan:**

・Isulong ang mga katanungan ayon sa pagkakasunod-sunod sa ibaba.

① Sabihin mo ang pangalan mo. o Ano ang pangalan mo?
② Anong grade o baitang ka na?
③ Ilang taon ka na?
④ Kailan ang kaarawan mo?
⑤ Mayroon ka bang kuya o ate (kapatid na batang lalaki o babae)?

・Sa tanong hinggil sa kapatid, kailangan maging flexible batay sa situwasyon ng bawat bata at komposisyon ng miyembro ng pamilya.

⑥ Mayroon ka bang kaibigan?
⑦ Ano ang pangalan ng kaibigan mo?
⑧ Ano ang mga nilalaro ninyong magkakaibigan?

・Dahil kakailanganin ang pangalan ng kaibigan sa Dialogue Task, itanong at isulat ito.

⑨ Masaya ba sa eskuwelahan? o Gusto mo dito sa paaralan?
⑩ Bakit?

・Kung nag-aral sa Pilipinas o sa International School sa Japan, maaaring itanong ang mga nangyari doon at ikumpara sa kasalukuyang paaralan sa Japan.

⑪ Ano ang gusto mo sa paaralan dito sa Japan?
⑫ Ano ang ayaw mo sa paaralan dito sa Japan?

・Maaaring magdagdag ng katanungan batay sa sagot ng bata sa Tanong ⑪ at ⑫.

⑬ Nagsasalita ba kayo ng Filipino (Tagalog) sa bahay?
⑭ Ano ang wikang ginagamit ng nanay (tatay) mo sa pakikipag-usap sa iyo?
Ano ang wikang ginagamit mo sa pakikipag-usap sa nanay (tatay) mo?

・Maraming kaso na kahit nakakapagsalita ng Filipino (Tagalog) ang mga magulang o guardian, ang bata ay nakikinig lamang. Magtanong nang maayos at detalyado hinggil sa wikang ginagamit sa loob ng tahanan. Gayundin naman, magtanong hinggil sa komposisyon ng miyembro ng pamilya.

⑮ Nakakabasa ka ng Filipino (Tagalog)?
Nakakasulat ka ng Filipino (Tagalog)?

・Dito ay titiyakin kung nakakabasa o nakakasulat sa wikang Filipino (Tagalog). Dagdag pa rito, tiyakin rin kung ano ang antas o lebel ng kanyang kakayahang magsulat o magbasa.

## Pagsusuri ng Bokabularyo

### ❶ Ang Pangngalan sa Vocabulary Card (Kard 1~42)

> Ano ito? Tama, ito ay "mata". Kapag sinabi kong "1" ang isasagot mo ay "Mata." Kung "2" naman ang sinabi ko, ito naman ang sasabihin mo (ituro ang nasa larawan habang sinasabi ito). Kung hindi mo alam ang sagot ay sabihin mo lamang na "Hindi ko alam." OK ba? O sige, simulan na natin. "1".

### ❷ Sa Pandiwa naman (Kard 43~50)

・Kung dumating na sa kard 43 (lumalangoy) ay ganito naman ang gawing pagtatanong.

> Ano ang gagawin ng nasa larawan?/ o Ano ang ginagawa ng nasa larawan?

### ❸ Ang Pang-uri (Kard 51~55)

・Kung dumating na sa kard 51 (maigsi) ay ganito naman ang gawing pagtatanong.

> Anong klaseng palda ito?

・Kung hindi nauunawaan ang ibig sabihin ng katanungan, ganito ang gawing pagtatanong.

> Kung ito ay mahaba. Ano naman ito? (Ituro ng daliri ang maigsing palda)



## Magpatuloy sa kasunod na hakbang…

- Sa Panimulang Pag-uusap at Pagsusuri ng Bokabularyo, kung 20~30% lamang ang naabot na resulta ay ihinto na sa bahaging ito ang proseso.

> Dito na nagtatapos. Maraming Salamat.

- Kung mahigit kalahati ang porsyentong nakuha sa Panimulang Pag-uusap at Pagtiyak ng Bokabularyo ay magpatuloy sa DLA Pakikinig at Pagsasalita.

## Panimulang Pag-uusap

Taon Buwan Petsa

Pangalan ________ Edad ________ Baitang ________

| Ang sasabihin ng tagapagsagawa | Nagawang magbigay ng sagot na naiintindihan | Komento |
|---|---|---|
| ① "Sabihin mo ang iyong pangalan." o "Ano ang iyong pangalan?" | ☐ | |
| ② "Anong grade o baitang ka na?" | ☐ | |
| ③ "Ilang taon ka na?" | ☐ | |
| ④ "Kailan ang kaarawan mo?" | ☐ | |
| ⑤ "Mayroon ka bang kuya o ate ( kapatid na batang lalaki o babae)?" | ☐ | |
| ⑥ "Mayroon ka bang kaibigan?" | ☐ | |
| ⑦ "Ano ang pangalan ng mga kaibigan mo?" | ☐ | |
| ⑧ "Ano ang mga nilalaro ninyong magkakaibigan?" | ☐ | |
| ⑨ "Masaya ba sa paaralan?" o "Gusto mo ba sa paaralan?" | ☐ | |
| ⑩ "Bakit masaya o gusto mo sa paaralan?" | ☐ | |
| ⑪ "Ano ang gusto mo sa paaralan ng Japan?" | ☐ | |
| ⑫ "Ano ang ayaw mo sa paaralan ng Japan?" | ☐ | |
| ⑬ "Ano ang wika o lengguwahe na ginagamit ninyo sa bahay?" | ☐ | |
| ⑭ "Ano ang wikang ginagamit mo sa pakikipag-usap sa nanay (tatay) mo?" Ano ang wikang ginagamit ng nanay (tatay) mo sa pakikipag-usap sa iyo?" | ☐ | |
| ⑮ "Nakakabasa ka ng Filipino (Tagalog)? " o "Nakakapagsulat ka ng Filipino (Tagalog)?" | ☐ | |
| Bilang ng sagot na naunawaan／Bilang ng tanong | | ／15 |
| Nakamit na porsiyento | ⇒ | % |

# Pagsusuri ng Bokabularyo

Taon Buwan Petsa

Pangalan Edad Baitang

| Numero ng kard | Bokabularyo | Tama | Mali | Komento | Numero ng kard | Bokabularyo | Tama | Mali | Komento |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | mata | ☐ | ☐ | | 30 | mesa/desk | ☐ | ☐ | |
| 2 | pilikmata | ☐ | ☐ | | 31 | lalagyan/drawer | ☐ | ☐ | |
| 3 | bibig | ☐ | ☐ | | 32 | pisara/blackboard | ☐ | ☐ | |
| 4 | labi | ☐ | ☐ | | 33 | pambura | ☐ | ☐ | |
| 5 | kamay | ☐ | ☐ | | 34 | mapa | ☐ | ☐ | |
| 6 | hinlalaki (daliri) | ☐ | ☐ | | 35 | gunting | ☐ | ☐ | |
| 7 | kuko | ☐ | ☐ | | 36 | kuwaderno/notebook | ☐ | ☐ | |
| 8 | ilong | ☐ | ☐ | | 37 | drayber/tsuper | ☐ | ☐ | |
| 9 | ubas | ☐ | ☐ | | 38 | doktor | ☐ | ☐ | |
| 10 | itlog | ☐ | ☐ | | 39 | bumbero | ☐ | ☐ | |
| 11 | hipon | ☐ | ☐ | | 40 | bus | ☐ | ☐ | |
| 12 | gatas | ☐ | ☐ | | 41 | eroplano | ☐ | ☐ | |
| 13 | baka | ☐ | ☐ | | 42 | pakpak (ng eroplano) | ☐ | ☐ | |
| 14 | sungay (ng baka) | ☐ | ☐ | | 43 | lumalangoy | ☐ | ☐ | |
| 15 | buntot (ng aso) | ☐ | ☐ | | 44 | nagsusulat | ☐ | ☐ | |
| 16 | manok | ☐ | ☐ | | 45 | nagsisipilyo ng ngipin | ☐ | ☐ | |
| 17 | kabayo | ☐ | ☐ | | 46 | nagsusuot ng damit | ☐ | ☐ | |
| 18 | elepante | ☐ | ☐ | | 47 | gumising | ☐ | ☐ | |
| 19 | daga | ☐ | ☐ | | 48 | umupo | ☐ | ☐ | |
| 20 | balbas (ng pusa) | ☐ | ☐ | | 49 | naglilinis | ☐ | ☐ | |
| 21 | puno | ☐ | ☐ | | 50 | nagagalit/galit | ☐ | ☐ | |
| 22 | dahon | ☐ | ☐ | | 51 | maigsi | ☐ | ☐ | |
| 23 | sanga | ☐ | ☐ | | 52 | payat | ☐ | ☐ | |
| 24 | bentilador | ☐ | ☐ | | 53 | magaan | ☐ | ☐ | |
| 25 | telepono | ☐ | ☐ | | 54 | malamig/giniginaw | ☐ | ☐ | |
| 26 | pinto | ☐ | ☐ | | 55 | matangkad/mataas | ☐ | ☐ | |
| 27 | bubong | ☐ | ☐ | | Kabuuan | Bilang ng tamang sagot (porsiyento) | ／55 ( %) | | |
| 28 | hagdan | ☐ | ☐ | | | | | | |
| 29 | bintana | ☐ | ☐ | | | | | | |

03

## Talaan ng tamang sagot

| No. | Kategorya | Tamang sagot | Posibleng kasagutan | Halimbawa ng maling sagot |
|---|---|---|---|---|
| 1 | Ⅰ Bahagi ng katawan | mata | | |
| 2 | | pilikmata | | kilay |
| 3 | | bibig | | |
| 4 | | labi | | |
| 5 | | kamay | palad | |
| 6 | | hinlalaki | daliri | |
| 7 | | kuko | | |
| 8 | | ilong | | |
| 9 | Ⅱ Pagkain | ubas | | |
| 10 | | itlog | itlog ng manok | |
| 11 | | hipon | alimasag, crayfish, lobster | |
| 12 | | gatas | gatas | |
| 13 | Ⅲ Hayop at halaman | baka | | |
| 14 | | sungay (ng baka) | | baka |
| 15 | | buntot (ng aso) | | aso |
| 16 | | manok | | |
| 17 | | kabayo | | |
| 18 | | elepante | elepante | |
| 19 | | daga | hamster | |
| 20 | | balbas (ng pusa) | | buhok ng pusa |
| 21 | | puno | | |
| 22 | | dahon | | |
| 23 | | sanga | sanga ng puno o kahoy | istik ng puno o kahoy |
| 24 | Ⅳ De-makinang gamit | bentilador | electric fan | |
| 25 | | telepono | selpon o smartphone | |
| 26 | Ⅴ Bahagi ng bahay | pinto | Pinto, pintuan | bakod |
| 27 | | bubong | bubong | bahay |
| 28 | | hagdan | | koridor |
| 29 | | bintana | | |
| 30 | Ⅵ Bagay sa loob ng paaralan | mesa/desk | mesa, desk | |
| 31 | | lalagyan/ drawer | | loob ng drawer |
| 32 | | pisara/blackboard | | silid-aralan |
| 33 | | pambura | | pambura ng lapis |
| 34 | | mapa | mundo, globo | |
| 35 | | gunting | | |
| 36 | | kuwaderno/ notebook | textbook, aklat o libro | |
| 37 | Ⅶ Trabaho | drayber/tsuper | taong nagmamaneho | |
| 38 | | doktor | doktor | |
| 39 | | bumbero | bumbero | fire department |
| 40 | Ⅷ Sasakyan | bus | | kotse |
| 41 | | eroplano | eroplano | |
| 42 | | pakpak | pakpak ng eroplano | |
| 43 | Ⅸ Pagkilos sa buhay-eskuwela | lumalangoy | swimming | |
| 44 | | nagsusulat ng letra | nag-aaral, gumagawa ng homework | lapis, drawing |
| 45 | Ⅹ Pagkilos sa araw-araw na pamumuhay | nagsisipilyo ng ngipin | nagtu-toothbrush | toothbrush |
| 46 | | nagsuot ng damit | nagbibihis ng damit | |
| 47 | | gumising | gigising na | hindi makatulog |
| 48 | | umupo | uupo | |
| 49 | Ⅺ Pagkilos sa trabaho | naglilinis | maglilinis | |
| 50 | Ⅻ Nararamdaman | nagagalit | galit | nakakatakot |
| 51 | ⅩⅢ Pang-uri | maigsi | | palda, hindi mataas |
| 52 | | payat | | stik, hindi mataba |
| 53 | | magaan | | bag |
| 54 | | malamig | | |
| 55 | | matangkad | mataas | matanda |

# 3. DLA Pakikinig at Pagsasalita

## ① Layunin

- Ang layunin ng DLA Pakikinig at Pagsasalita sa wikang Filipino (Tagalog) ay ang matiyak ang kakayahan ng bata sa katutubong wika o Filipino (Tagalog) na siyang magsisilbing pundasyon ng kakayahan ng wika sa pag-aaral ng asignatura , pagbabasa at pagsusulat.
- Sa DLA Pakikinig at Pagsasalita ay masusukat ang kakayahan sa pakikipag-usap mula sa 3 aspeto na Basic Conversation, Dayalogo, at Pang-unawa upang makakuha ng komprehensibong impormasyon mula sa iba't-ibang anggulo.

## ② Para kanino ito?

- Ang DLA Pakikinig at Pagsasalita ay para sa mga batang may kakayahang sumagot ng basic o mahusay sa Filipino (Tagalog) at lumaki sa multilinggwal na kapaligiran.
- Mga batang lubhang kinakailangan na masukat ang kakayahan sa Filipino (Tagalog).
- Subalit, hindi ito maaaring isagawa kung hindi halos nakasagot ang bata sa DLA Unang Hakbang sa Filipino (Tagalog).

## ③ Komposisyon

- Ito ay magsisimula sa 3 task na Basic Task (Kisou), Dialogue Task (Kaiwa) at Cognitive Task (Ninchi).
- Sa Basic Task ay masusukat ang kakayahan sa basic conversation sa pagbuo at pagsagot sa mga pangungusap gamit ang bokabularyo, pagpapahayag at komposisyon ng pangungusap.
- Sa Dialogue Task naman ay masusukat ang kakayahan sa pakikipag-usap nang one-on-one batay sa situwasyon at eksena.
- Sa Cognitive Task naman masusukat ang kakayahang magpahayag ng sariling ideya o opinyon at magbigay ng paliwanag ng paksang may kaugnayan sa asignatura o aralin.
- Sa DLA Pakikinig at Pagsasalita ay gagamit ng 3 uri ng kard. Sa appendix 2, ang Basic Card na kulay pink ay para sa Basic Task, ang kulay dilaw ay Dialogue Card para sa Dialogue Task, ang kulay asul naman ay Cognitive Card ng Cognitive Task.
- Ang Basic Card ay 4 na piraso, ang Dialogue Card ay 3 piraso, ang Cognitive Card naman ay 6 na piraso. Subalit depende sa edad, antas o lebel ng kaalaman sa Filipino (Tagalog), situwasyon sa pagsasagawa ng DLA (naubusan ng oras, atbp.) ay maaaring pumili ng ilan lamang upang maisagawa ang proseso.
- Hindi kinakailangang gawin ang lahat ng kard, tiyakin sa Listahan Ng Uri Ng Picture Card At Para Sa Angkop Na Edad (pahina 123) at pumili ng kard na gagamitin.

## ④ Paraan ng Pagsasagawa

### Paunang Paghahanda

- Gupitin ang larawan ng DLA Pakikinig at Pagsasalita sa appendix 2 na Basic Card, Dialogue Card at Cognitive Card (pahina 243-249) at gawin itong kard, maaari rin ilagay ang data sa tablet at ipapakita ito nang paisa-isa.
- Mag-ensayo ng tamang tiyempo . Panoorin ang _DLA video ng pagpapaliwanag at tiyakin mula rito ang tiyempo at gawi ng tagapagsagawa ng DLA.
- Ihanda ang Gabay sa Pagsasagawa ng DLA Pakikinig at Pagsasalita (pahina 127-129), ang picture cards ng DLA Pakikinig at Pagsasalita, gamit na pang-rekord ng boses o bidyo at papel para sa sariling pagtatala.

### Ang paggamit ng kard at Posisyon ng pag-upo

- Tipunin ang kard at pagsunod-sunurin, itaob ang mga ito. Tiyakin na nasa ibabaw ang kard na kailangan at magkakasunod ang mga napiling kard na gagamitin kapag itinahaya at ipinakita ito sa bata.
- Huwag maupo sa mismong harapan ng bata, umupo sa gilid ng mesa nang hindi direktang nakaharap sa bata at tiyakin na parehong makikita ng bata at ng tagapagsagawa ang mga kard.

### Ang pagsasagawa ng Dayalogo o Pag-uusap


- Tiyakin ang gamit na pang-rekord ng boses o bidyo, umpisahan ang pag-rekord at isunod na umpisahan ang DLA Pakikinig at Pagsasalita. Panatilihing naka-rekord kung itinuloy mula sa inumpisahang DLA Unang Hakbang.
- Sundin ang Gabay sa Pagsasagawa ng DLA Pakikinig at Pagsasalita (pahina 127-129) at isagawa nang magkakasunod ang Basic Task, Dialogue Task at Cognitive Task.
- Depende sa antas ng kakayahan sa wikang Filipino (Tagalog) ay may pagkakataong tinatapos ang proseso sa Basic Task o Dialogue Task. Maaari rin namang hindi na gawin ang Basic Task o Dialogue Task, tapusin na lamang ang lahat ng kard ng Cognitive Task.

**Listahan Ng Uri Ng Picture Card At Para Sa Angkop Na Edad**

| | Pangalan ng picture card | Mababang antas (elementarya) | Gitnang antas (elementarya) | Mataas na antas (elementarya) |
|---|---|---|---|---|
| Basic Task | ❶ Silid-aralan | ○ | ○ | ○ |
| | ❷ Isports | ○ | ○ | ○ |
| | ❸ Araw-araw Na Gawain | ○ | ○ | ○ |
| | ❹ Pangarap Sa Hinaharap | ○ | ○ | ○ |
| Dialogue Task | ❺ Tanong Para Sa Guro | ○ | ○ | ○ |
| | ❻ Bagong Guro | ○ | ○ | ○ |
| | ❼ Imbitasyon Sa Kaibigan | ○ | ○ | ○ |
| Cognitive Task | ❽ Pag-uusap | ○ | ○ | |
| | ❾ Trak Ng Bumbero | ○ | ○ | |
| | ❿ Pagtunaw Ng Kinain | ○ | ○ | ○ |
| | ⓫ Suliranin Ng Kapaligiran | | ○ | ○ |
| | ⓬ Lindol | | ○ | ○ |
| | ⓭ Siklo Ng Tubig | | | ○ |

## Layunin ng picture card

◇Ang Basic Task ay pagsagot sa mga tanong tungkol sa sarili at pang-araw-araw na buhay at paggamit ng salitang madalas na ginagamit.
Tinitiyak sa task na ito kung may kakayahang bumuo ng pangungusap gamit ang bokabularyo at ekspresyon.
Pumili ng kard na angkop sa oras ng pagsasagawa at antas ng kakayahan ng bata.




### ❶ Silid-aralan Kard

Titiyakin rito kung magagamit sa pagsagot ang Pandiwa ng presensiya (mayroon o nariyan) o ekspresyon na nagpapahiwatig ng lugar o puwesto (sa itaas ng ~) sa pagtukoy ng mga bagay na nasa kard.
Sa mga batang mas mataas sa ikalawang baitang ng elementarya, ituro ang orasan at tanungin ng kasalukuyang oras.



### ❷ Isport Kard

Titiyakin rito kung masasagot ang mga katanungan ng "Nakaranas na bang gawin" o "Hindi pa nakaranas na gawin" (nagkaroon ng karanasan)､"Kayang gawin" o "Hindi kayang gawin" (ekspresyon ng posibilidad)､"Gusto" o "Ayaw" o "Ano ang gusto sa dalawang bagay" (pagkukumpara).



### ❸ Araw-araw Na Gawain (Paggising, Pagpasok sa paaralan, Pagtulog) Kard

Ang matukoy ang kakayahan sa pagpapahayag ng pagkakasunod-sunod na pagkilos gamit ang present tense at past tense ng Pandiwa (nakagawian).



### ❹ Pangarap Sa Hinaharap Kard

Ang magamit ang "Gusto kong maging..." (aspirasyon), matiyak ang kakayahan magsalita patungkol sa sariling pangarap sa hinaharap. Gayundin naman, magtanong kung ano ang dahilan ng pangarap.

◇Sa Dialogue Task naman, magsasalita batay sa situwasyon at eksena sa larawan at titiyakin ang kakayahan na mamuno sa pag-uusap.
Maaaring gumanap bilang guro o kaibigan ang tagapagsagawa at gawing role play ang proseso. Pumili ng kard na gagamitin depende sa oras at antas ng kakayahan ng bata.



### ❺ Tanong Para Sa Guro Kard

A : Titiyakin dito kung kaya niyang humingi ng permiso sa guro habang nagleleksiyon upang magtungo sa palikuran.
B : Titiyakin dito kung kaya niyang makiusap sa guro o kaibigan na siya ay pahiramin ng aklat/ libro dahil nakalimutan niya ito.



### ❻ Bagong Guro Kard

Titiyakin kung kaya niyang ipakilala ang sarili at magtanong sa guro.



### ❼ Imbitasyon Sa Kaibigan Kard

Titiyakin dito kung kaya niyang imbitahan ang kaibigan.
Kung may kakayahang mamuno sa pangungusap (magbigay suhestiyon ng lugar o oras. Gaganap na kaibigan ang tagapagsagawa )

◇Sa Cognitive Task naman ay matitiyak kung may kakayahan siyang magbuod ng paksang may kaugnayan sa aralin.Pipili ng kard depende sa edad (baitang) ng bata.
Kung isasagawa ito sa Filipino (Tagalog) sa mag-aaral ng junior high school o senior high school at kung walang angkop na task mula sa mga kard na ito, maaari rin magtanong tungkol sa asignatura kung saan mahusay ang bata batay na rin sa kanyang napag-aralan sa sariling bansa.




### ❽ Pagsasalita Kard

Pipili ng isa sa mga kuwentong nasa larawan, titiyakin kung kaya niya itong ikuwento ayon sa pagkakasunod-sunod na pangyayari. Maaari rin gamitin ang ibang kuwento bukod pa sa nasa larawan.



### ❾ Trak Ng Bumbero Kard

Titiyakin kung masasabi niya ang trabaho ng 2 sasakyan. Kung kaya niyang sagutin ang pagkakapareho o pagkakaiba sa hitsura lamang, pagkakapareho o pagkakaiba sa trabahong magagawa nito.



### ❿ Pagtunaw Ng Kinain Kard

Titiyakin kung kaya niyang ipaliwanag ang "Sistema ng pagtunaw ng kinain" (Digestion of food). Para sa mataas na baitang, gumamit ng bokabularyo mula sa mga asignaturang napag-aralan na angkop sa edad ng bata.



### ⓫ Suliranin Sa Kapaligiran Kard

Titiyakin rito ang kakayahan na magpaliwanag tungkol sa mga isyung kinakaharap ng kapaligiran. Gayundin naman, kung makakaya niyang sabihin ang sariling opinyon ng prebensiyon upang maiwasan ang mga suliranin na ito. Sa mag-aaral ng mataas na baitang, tiyakin ang kakayahan sa paggamit ng bokabularyo ng asignaturang napag-aralan na angkop sa edad patungkol sa dahilan at mekanismo ng Global Warming.



### ⓬ Lindol Kard

Titiyakin kung may kakayahan magpahayag ng sariling karanasan ng lindol. Gayundin naman, kung masasabi ang nararapat na gawin sa oras na dumating ang lindol. Sa mag-aaral ng mataas na baitang, tiyakin ang kakayahan sa paggamit ng bokabularyo ng asignaturang napag-aralan na angkop sa edad patungkol sa dahilan at mekanismo ng lindol.



### ⓭ Siklo Ng Tubig Kard

Titiyakin ang kakayahan sa paggamit ng bokabularyo ng asignaturang napag-aralan patungkol sa mekanismo ng Siklo Ng Tubig. Gayundin naman, mula sa katanungan ng kahalagahan ng “araw” maipapahayag ba ang posibilidad base sa totoong kaganapan.

## ⑤ Mga dapat tandaan sa pagsasagawa ng DLA

**Bigyang halaga ang daloy ng proseso**

- Humigit-kumulang 15 minuto ang oras na magagamit sa DLA Pakikinig at Pagsasalita. Huwag masyadong patagalin kundi isulong ang proseso sa natural na bilis at tiyempo.
- Sa durasyon ng proseso, iwasan ang pigilan, itanggi o itama ang naging sagot ng bata
- Sa durasyon ng proseso, kung hindi naunawaan ng bata ang katanungan ay ulitin ito sa mabagal na pagsasalita. Kung hindi pa rin nauunawaan, palitan ng mga salitang mas maigsi at madaling maintindihan. Subalit, iwasan ang magpaliwanag hinggil sa katanungan. Huwag ihinto ang daloy ng proseso at sumulong sa susunod na hakbang.
- Kung nag-iisip at hindi agad makasagot ang bata, huwag magmadali at hintayin lamang ang bata.

**Paglikha ng kaaya-ayang kapaligiran**

- Subukang lumikha ng masayang kapaligiran, huwag isiping ito ay test kundi masayang isagawa ang pakikipag-usap sa bata.
- Magbigay ng reaksiyon sa pamamagitan ng pagsagot at pagtango sa bawat pagsagot ng bata.

**Huwag mag-tsek habang isinasagawa ang dayalogo**

- Huwag mag-tsek o magbigay ng ebaluwasyon sa harapan ng bata. Isasagawa ito pagkatapos ng proseso.
- Para sa wastong pagbibigay ng ebaluwasyon, para sa pagtatala ay i-rekord ang boses o i-bidyo ang proseso.

**Tapusin nang binibigyang papuri ang bata**

- Kahit na ano pang antas ng kakayahan ng bata, bigyan ng positibong puna o feedback ang ginawang "pagsasalita" ng bata sa wikang Filipino (Tagalog).



## ⑥ Paraan ng ebaluwasyon

- Pagkatapos ng DLA Pakikinig at Pagsasalita, tiyakin ang nilalaman ng nai-rekord na proseso.
- Gamitin ang Evaluation Memo (pahina 130) ng DLA Pakikinig at Pagsasalita, tiyakin kung ano ang antas na ibibigay batay sa punto ng pananaw na nakasaad sa listahan.
- Isaalang-alang rin ang naging resulta ng Panimulang Pag-uusap at Pagsusuri ng Bokabularyo ng DLA Unang Hakbang.
- Ang nilalaman ng Evaluation Memo ay ikukumpara sa estado ng komprehensibong kakayahan sa Pag-iisip, Paghatol at Pagpapahayag (Kakayahan sa iba\`t-ibang wika) mula sa Matrix of Language Development and Acquisition for CLD students (KOTOBA no CHIKARA no MONOSASHI). Ang komprehensibong kaalaman sa Pag-iisip, Paghatol at Pagpapahayag ay komprehensibong pananaw kung ano ang kayang gawin sa wikang Filipino (Tagalog) at kayang gawin sa wikang Hapon.
- Ang DLA ay hindi isang pagsusulit kung paano matitiyak ang kakayahan sa wika ng isang bata at bigyan ng antas mula sa nakuhang resulta. Ito ay isang paraan ng pagtiyak o assessment upang maobserbahan sa pamamagitan ng dayalogo ang kakayahan ng bata sa wika, ang matukoy ang suportang maibibigay sa kanila at magamit ang nakalap na impormasyon para sa edukasyon ng wika at suporta.
- Samakatuwid, iwasan ang ituon ang pansin sa iskor na makukuha rito kundi tingnan ito sa estado ng komprehensibong pananaw at iugnay sa suporta ng edukasyon na nakatuon sa pagsulong sa susunod na antas.

# Gabay ng Pagsasagawa

## Basic Task

<u>Hindi kinakailangang gamitin ang 4 na kard.</u> Pumili batay sa pangangailangan o situwasyon. Gayundin naman, kung natitiyak ang kakayahan ng bata ay hindi na ito kailangang isagawa.

| Sasabihin ng tagapagsagawa | Mga dapat pag-ingatan |
|---|---|
| **❶ Silid-aralan Kard** | |
| ● "Tingnan mo ang kard at tayo ay mag-usap. Kung hindi mo nauunawaan ang aking sinabi ay sabihin mo lamang na hindi mo nauunawaan o hindi mo alam. Magsimula na tayo."<br>① "Saan ang lugar na ito?"<br>② "Ano ang mayroon sa silid na ito?"<br>③ "May mesa o desk ba ng guro?"<br>④ "Ang upuan naman ng guro, mayroon ba?"<br>⑤ "Nariyan ba ang guro?"<br>⑥ "Nariyan ba ang mga mag-aaral?"<br>⑦ "Nasaan ang pen?"<br>⑧ "Mayroon bang orasan?"<br>⑨ "Sa palagay mo, anong oras na ngayon?" | • Huwag baguhin ang pagkakasunod-sunod ng mga katanungan.<br>• Sa Tanong④, magtanong at magbigay udyok upang sumagot ng "mayroon, nariyan."<br>• Sa Tanong⑥, magtanong at magbigay udyok upang sumagot ng "mayroon, nariyan."<br>• Sa Tanong⑦, kung itinuro ng bata ang larawan at sinabing "dito", ibaligtad ang picture card at muling magtanong, kumbinsihin ang bata na magpaliwanag (sa ibabaw ng mesa o desk) sa pamamagitan ng salita.<br>• Sa Tanong⑦, maaari rin sabihin na "lapis" ang "pen".<br>• Sa Tanong⑧, kung nasagot sa Tanong② ay sabihin na "Mayroon ngang orasan."<br>• Huwag na itanong ang Tanong⑨ sa mag-aaral sa unang baitang (Grade 1). |
| **❷ Isport Kard** | |
| ① "Gusto mo ba ang isport (ehersisyo) ?"<br>② "Ano ang gusto mong isport (ehersisyo) ?"<br>③ "Ano ang pangalan ng isport ?"<br>④ "Nakapaglaro ka na ba ng (pangalan ng isport)?"<br>⑤ "Ano ang mas gusto mo sa (pangalan ng isport) at (pangalan ng isport)?" | • Sa Tanong①, kung hindi nauunawaan ang salitang "isport" ay palitan ng "ehersisyo."<br>• Sa Tanong③, kung hindi alam ang pangalan ng isport (lalo na ang mga nasa mababang baitang), ituro ng tagapagsagawa ang larawan sa kard at magtanong.<br>• Sa Tanong③, magtanong at magbigay udyok upang sumagot ng "Kaya kong gawin" o "Hindi ko kayang gawin." |
| **❸ Araw-araw Na Gawain (Paggising, Pagpasok sa paaralan, Pagtulog) Kard** | |
| ① "Anong oras ka nagising kaninang umaga?"<br>② "Pagkatapos ay ano ang sunod mong ginawa?"<br>③ "Anong oras ka palaging natutulog?"<br>④ "Pagkauwi mo ng bahay, ano ang lagi mong ginagawa? Sabihin mo nga ang ginagawa mo hanggang sa oras ng iyong pagtulog." | • Sa Tanong①, magtatanong tungkol sa oras.<br>• Sa Tanong②, titiyakin ang pag-unawa ng past tense o madalas na paggamit ng past tense.<br>• Sa Tanong③, magtatanong tungkol sa nakagawiang gawin.<br>• Sa Tanong④, titiyakin kung masasabi ang pagkakasunod-sunod ng mga ginagawa. |
| **❹ Pangarap Sa Hinaharap Kard** | |
| ① "Ano ang pangarap mo o gusto mo sa iyong paglaki?"<br>② "Bakit mo ito napili?" | • Sa Tanong①, kung hindi masabi ng bata ang trabaho, maaari itong palitan ng "Ano ang gusto mong gawin?" Bigyan ng halimbawa ng mga trabaho. "Gusto mong maging guro o titser?" o maaari rin ituro ang nasa picture card at sabihing "Ito kaya?" |

Kung hindi halos nakasagot sa mga katanungan ay tapusin na sa bahaging ito.

"Dito na tayo nagtatapos. Maraming salamat sa iyo."

Kung nasagot halos ang mga katanungan, ituloy ito sa Dialogue Task at Cognitive Task. Gawin ang Dialogue Task depende sa sitwasyon (oras) o kung ito ba ay kinakailangan.

## Dialogue Task

**Hindi kinakailangan gamitin ang 3 kard.**Pumili batay sa pangangailangan o situwasyon. Gayundin naman, kung natitiyak ang kakayahan ng bata ay hindi na ito kailangang isagawa.

|  Sasabihin ng tagapagsagawa | Mga dapat pag-ingatan |
|---|---|
| **❺ Tanong Para Sa Guro Kard A,B** | |
| A<br>① "Naku! Biglang gusto mong magtungo sa kubeta o CR (sumakit ang tiyan). Ano ang sasabihin mo sa guro? Kunyari, ako ang guro."<br>B<br>① "Nakalimutan mo ang aklat o libro mo sa arithmetic. Gusto mo sanang ipakita ng katabi mo ang aklat niya sa iyo. Ano ang sasabihin mo?" | ・Sa Tanong A①, ituro ang larawan at magtanong (kubeta o batang masakit ang tiyan).<br>・Titiyakin kung kaya niyang humingi ng permiso.<br>・Sa TanongB①, ituro ang larawan ng aklat o libro at magtanong.<br>・Tiyakin kung kaya niyang humiling o makiusap. |
| **❻ Bagong Guro Kard** | |
| ① "Simula ngayong araw ay may bagong guro. Ipakilala mo ang iyong sarili. Pagkatapos ay magtanong ka ng 2 katanungan sa kanya. Kunyari, ako ang iyong bagong guro." | ・Gumanap bilang bagong guro.<br>・Kung hindi alam ng bata ang "ipakilala ang sarili" ay sabihin ang "Sabihin mo sa guro kung sino ka.." Kung hindi pa rin nauunawaan ay magbigay ng hint na "pangalan, baitang o grade" at magsabi ng "Ako ay si…". |
| **❼ Imbitasyon Sa Kaibigan Kard** | |
| ① "Ngayong araw, pagkatapos ng eskuwela ay gusto mong makipaglaro kay ○○. Imbitahan mo siya. Nagkita kayo sa lalagyan ng sapatos." | ・Gagamitin ng tagapagsagawa ang mga pangalan ng kaibigan na narinig sa Panimulang Pag-uusap. Ang tagapagsagawa ang magsisilbing kaibigan.<br>・Upang matiyak kung kaya ng bata ang sumulong sa pakikipag-usap, magyaya, magdesisyon ng oras at lugar, tapusin ang pag-uusap, maaaring magbigay ng inisyatibo ang tagapagsagawa subalit maghintay at iwasan na unahan ang bata sa pagsasalita. |

Kung hindi halos nakasagot sa mga katanungan ay tapusin na sa bahaging ito.



"Dito na tayo nagtatapos. Maraming salamat sa iyo. "

Kung nagawa halos lahat ang Dialogue Task ay ituloy ito sa Cognitive Task.

## Cognitive Task

**Pumili ng kard batay sa edad (baitang) ng bata.** Kung isasagawa ito sa Filipino (Tagalog) sa mag-aaral ng junior high school o senior high school at kung walang angkop na task mula sa mga kard na ito ay maaari rin magtanong tungkol sa asignatura kung saan mahusay ang bata batay na rin sa kanyang napag-aralan sa sariling bansa.

| Sasabihin ng tagapagsagawa | Mga dapat pag-ingatan |
|---|---|
| **⑧ Pag-uusap Kard (mababa o gitnang antas ng elementarya)** | |
| ① "Pinakiusapan ka ng bata na kausapin mo siya. Magkuwento ka sa kanya." | ・Pumili ng kuwentong alam ng bata. Kung walang alam ang bata sa kuwentong nasa kard ay maaaring magkuwento ng iba. |
| **⑨ Trak Ng Bumbero Kard (mababa o gitnang antas ng elementarya)** | |
| ① "Alam mo ang pangalan o tawag sa sasakyan na ito?"<br>② "Ano ang trabaho ng sasakyan na ito? O para saan ginagamit ito?"<br>③ "Sa anong bahagi sila nagkakapareho? Saan sila magkaiba?" | ・Sa Tanong①, magkasunod na ituro ang 2 sasakyan at magtanong. Kung hindi alam ang pangalan ng mga ito, maaari rin ituro para sa susunod na katanungan.<br>・Sa Tanong③, magtanong tungkol sa pagkakapareho at pagkakaiba ng 2 sasakyan. Depende sa bata, hindi napupuna ang pagkakapareho o pagkakaiba, sumasagot lamang sila depende sa nakikita nila. |
| **⑩ Pagtunaw Ng Kinain Kard** | |
| ① "Ano ang mangyayari sa kinain ng taong ito?"<br>② "Ipaliwanag mo ang mekanismo ng Pagtunaw ng Kinain (Panunaw) ng isang tao (mag-aaral ng mataas na antas)." | ・Sa mababa o gitnang antas ng elementarya, matitiyak kung maaaring pag-usapan ang proseso ng panunaw, sa mag-aaral sa mataas na antas naman ay matitiyak kung maipapaliwanag ang mekanismo ng panunaw gamit ang bokabularyo ng asignatura ayon sa edad. |
| **⑪ Suliranin Ng Kapaligiran Kard (Gitnang antas ng elementarya at pataas)** | |
| ① "Ano itong nasa larawan?"<br>② (Sa bawat isang larawan)"Ano ito?"<br>③ "Umiiyak ang mundo. Ano sa palagay mo ang dahilan bakit ito umiiyak?"<br>④ "Ano ang dapat nating gawin upang hindi na umiyak ang mundo? "<br>"Ano kaya ang maaari nating gawin?"<br>⑤ "Ito ang larawan ng global warming. Ipaliwanag mo kung bakit nangyayari ang global warming." (Lalo na sa mag-aaral ng mataas na antas) | ・Sa Tanong①, pansinin na ang larawan ay kumakatawan sa konsepto ng mga suliraning pangkapaligiran at global warming, at tiyakin kung alam ng bata ang bokabularyo ng nasa larawan.<br>・Kung nasagot ang Tanong①, laktawan ang Tanong②. Kung hindi naman nasagot, tiyakin isa-isa kung ano ang nasa larawan (mundo, pinuputol na puno, nagbubuga ng usok na sasakyan, nagbubuga ng usok na factory).<br>・Kung hindi alam ang Tanong①, ituro ang salitang global warming sa Tanong⑤. At tiyakin kung kayang magpaliwanag ng dahilan at mekanismo gamit ang bokabularyo ng asignaturang pinag-aralan. |
| **⑫ Lindol Kard (Gitnang antas ng elementarya)** | |
| ① "Nakaranas ka na ba ng lindol? Ikuwento mo ang iyong naranasan?"<br>② "Kung nangyari ang lindol habang ikaw ay nasa paaralan, ano ang gagawin mo?"<br>③ "Pinag-aralan na ninyo ang tungkol sa lindol? Ipaliwanag mo ang mekanismo ng lindol." (lalo na sa mag-aaral ng mataas na antas) | ・Sa Tanong①, kung hindi pa nakakaranas ang bata ng lindol, magtanong tungkol sa naging karanasan ng magulang.<br>・Sa Tanong③, tiyakin kung kayang magpaliwanag ng dahilan at mekanismo gamit ang bokabularyo ng asignaturang pinag-aralan. |
| **⑬ Siklo Ng Tubig Kard (mataas na antas ng elementarya at pataas)** | |
| ① "Ipaliwanag mo ang daloy ng tubig."<br>② "Sa palagay mo, saan nanggagaling ang tubig na iniinom natin?"<br>③ "Kung hindi uulan o kung walang araw, ano ang mangyayari sa mundo?" | |



"Dito na tayo nagtatapos. Maraming salamat sa iyo."

# Evaluation Memo

Taon Buwan Petsa

Pangalan Edad Baitang

Tiyakin ang antas ng kakayahan sa Pakikinig at Pagsasalita sa wikang Filipino (Tagalog) batay sa punto ng pananaw na nasa Evaluation Memo.
Ang Evaluation Memo na ito ay susuriin at ikukumpara batay sa Matrix of Language Development and Acquisition for CLD students(KOTOBA no CHIKARA no MONOSASHI).

| | | |
|---|---|---|
| **Kakayahang sumagot** | | |
| Basic na kakayahan sa pakikinig | Nauunawaan ang tanong mula sa kausap hinggil sa sarili o pangyayari sa paligid. | ☐Kayang-kaya ☐Medyo Kaya ☐Kaunti pang pagsusumikap |
| **Pagbigkas at Kahusayan sa pagsasalita** | | |
| Pagbigkas at Intonasyon | May likas na kahusayan sa pagbigkas at intonasyon sa pakikipag-usap. | ☐Kayang-kaya ☐Medyo Kaya ☐Kaunti pang pagsusumikap |
| Kahusayan | Natural at maayos ang pakikipag-usap. | ☐Kayang-kaya ☐Medyo Kaya ☐Kaunti pang pagsusumikap |
| **Saloobin sa pagsasalita** | | |
| Saloobin sa pagsasalita | May kusa sa pagsulong sa pakikipag-usap, namumuno sa pakikipag-usap. | ☐Kayang-kaya ☐Medyo Kaya ☐Kaunti pang pagsusumikap |
| **Bokabularyo** | | |
| Pang-araw-araw na bokabularyo | Pang-araw-araw na bokabularyo at gumagamit ng ekspresyon | ☐Kayang-kaya ☐Medyo Kaya ☐Kaunti pang pagsusumikap |
| Kalidad ng bokabularyo (bokabularyo ng asignatura) | Angkop na bokabularyo at marunong gumamit ng ekspresyon (kasama ang bokabularyo ng asignatura) | ☐Kayang-kaya ☐Medyo Kaya ☐Kaunti pang pagsusumikap |
| **Wastong komposisyon ng pangungusap** | | |
| Wastong komposisyon ng pangungusap | May kakayahang makipag-usap sa wastong pangungusap. | ☐Kayang-kaya ☐Medyo Kaya ☐Kaunti pang pagsusumikap |
| **Pangungusap・Kalidad ng talata** | | |
| Pagbuo ng pangungusap | May kakayahang bumuo ng maigsing pangungusap. | ☐Kayang-kaya ☐Medyo Kaya ☐Kaunti pang pagsusumikap |
| Kalidad ng talata | Hindi lamang maigsing pangungusap, kundi ang makagamit ng ilan pang pangungusap at makabuo ng talata. | ☐Kayang-kaya ☐Medyo Kaya ☐Kaunti pang pagsusumikap |
| **Nilalaman at Buod ng kuwento** | | |
| Antas ng katuparan ng task | May kakayahang kumpletuhin ang task . | ☐Kayang-kaya ☐Medyo Kaya ☐Kaunti pang pagsusumikap |
| Pagkakasunod-sunod ng pangyayari sa kuwento | Nasabi ang pagkakasunod-sunod ng pangyayari at maiugnay ang kuwento | ☐Kayang-kaya ☐Medyo Kaya ☐Kaunti pang pagsusumikap |
| Nilalaman at Buod ng kuwento | May kakayahang magbuod ng nilalaman ng kuwento, magpaliwanag, magsabi ng dahilan at opinyon. | ☐Kayang-kaya ☐Medyo Kaya ☐Kaunti pang pagsusumikap |